

Pagkaing Inihain sa mga Dios diosan Yugto 3

“12 At sa anghel ng iglesia sa Pergamo ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may matalas na tabak na may dalawang talim: 13 Nalalaman ko kung saan ka tumatahan, sa makatuwid baga'y sa kinaroroonan ng luklukan ni Satanas; at iniingatan mong matibay ang aking pangalan, at hindi mo ikinaila ang aking pananampalataya, kahit nang mga araw man ni Antipas na aking saksi, aking taong tapat, na pinatay sa gitna ninyo, na tinatahanan ni Satanas. 14 Datapuwa't mayroon akong ilang bagay na laban sa iyo, sapagka't mayroon ka diyang ilan na nanghahawak sa aral ni Balaam, na siyang nagturo kay Balac na maglagay ng katisuran sa harapan ng mga anak ni Israel, upang magsikain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan, at makiapid. 15 Gayon din naman na mayroon kang ilan na nanghahawak sa aral ng mga Nicolaita. 16 Magsisi ka nga; o kung hindi ay madaling paririyon ako sa iyo, at babakahin ko sila ng tabak ng aking bibig. 17 Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia. Ang magtagumpay ay bibigyan ko ng manang natatago, at siya'y bibigyan ko ng isang batong puti, at sa bato ay may nakasulat na isang bagong pangalan, na walang nakakaalam kundi yaong tumatanggap.” (Pahayag 2:12-17 KJV)

Inihahanda ng Panginoong Jesus ang Kanyang simbahan upang kapag Siya ay dumating ang simbahan ay walang bahid, kulubot, dungis upang ang simbahan ay hindi maiwan. Sa simbahan ng Pergamo ay gumagawa ng mabubuting gawa; sila'y nag eevangelio, naninindigan laban sa pag uusig, sapagkat ang simbahang iyon ay matatagpuan sa bayan ng Pergamo, sa Turkey ngayon, at iyon ang capital ng Emperio ng Roma at ang luklukan ng emperador ay naroon na umuusig sa simbahan dahil ipinapangaral nila ang lahat ng labag sa pagsamba sa dios-diosan na nasa bayang iyon.

Binanggit ni Jesus ang sumusunod: ***“13 Nalalaman ko kung saan ka tumatahan, sa makatuwid baga'y sa kinaroroonan ng luklukan ni Satanas; at iniingatan mong matibay ang aking pangalan, at hindi mo ikinaila ang aking pananampalataya, kahit nang mga araw man ni Antipas na aking saksi, aking taong tapat, na pinatay sa gitna ninyo, na tinatahanan ni Satanas.” (Pahayag 2:13 KJV)*** Dito binanggit ng Panginoong Jesus ang banal na si Antipas na laban sa lahat ng uri ng kasalanan bilang kanyang pangalan na 'Anti', na ang ibig sabihin ay labag. Ayon sa tagpagsalaysay si Antipas ay pinaka malamang na dinala mula sa ibang lungsod at martir sa Pergamo dahil siya ay nangangaral laban sa lahat ng uri ng mga kasalanan. Sa gayong halimbawa ni Antipas, ipinakita rin ni Jesus sa kanila ang halimbawa, na kailangan nilang tularan ang pagtawag niya kay Antipas, ***“ang aking tapat na saksi”***, ay nangangahulugang siya ay nanindigan at hindi nagkokompromiso o tumatanggap ng mga bagay na may kinikilingan kahit na iyon ang naging dahilan ng kanyang pagkawala ng buhay. Ang lakas sa simbahan ng Pergamos ay nasa pag eevangelio, at ang kanilang kahandaang labanan ang pag uusig, at patuloy silang nangangaral at nagpapahayag ng Kanyang pangalang Jesus sa mga taong nakapaligid sa kanila, at ginawa ang mabubuting gawa na nais ni Jesus na gawin nila. ***Isa sa lakas ng simbahan ay nasa pag eevangelio sa pamamagitan ng patuloy na pag abot sa mga bagong tao para kay Cristo sa kabila ng lahat ng paglaban at pag uusig.***

Ngunit ang simbahan ng Pergamos ay mayroon ding mahihinang punto at pagkukulang na pinapayuhan sila ni Cristo sa Kanyang liham sa kanila. ***“14 Datapuwa't mayroon akong ilang bagay na laban sa iyo, sapagka't mayroon ka diyang ilan na nanghahawak sa aral ni Balaam, na siyang nagturo kay Balac na maglagay ng katisuran sa harapan ng mga anak ni Israel, upang magsikain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan, at makiapid” (Pahayag 2:14 KJV)*** Layunin din ng sulat ni Jesus sa kanila na linisin sila mula sa kanilang mga kasalanan at pagkukulang na kailangang itama at gawing sakdal mula sa mga kapintasang ito, upang sila ay makabalik kay Cristo. Nagkakaroon sila sa kanila ng mga taong humahawak ng turo at doktrina ni Balaam. Hindi ang mga pinuno ng simbahan ang gumagawa ng mga ganoong bagay ngunit may kasama silang ibang mga tao na gumawa ng gayon, ngunit iningatan sila ng mga pinuno at pinahintulutan sila. ***Ipinadala sa atin ng Dios ang Kanyang Salita, tayo na Kanyang simbahan, na nagbababala sa atin na magsisi tayo upang ihanda tayo at gawing handa tayo sa Kanyang pagparito.***

Ano ginawa ni Balaam at ano kanyang turo? Ang sumusunod ang ginawa niya; Nang ang mga Issraelita ay dumating sa Moab, ang kanilang haring si Balak ay natakot sa kanila dahil iniiisp niya na sila'y lulusubin ng karamihan ng mamayan ng mga Israelita gaya ng baka na nilamon ang parang at kinain ang lahat ng bagay. Kaya ang ginawa niya, inanyayahan niya si Balaam upang pumunta at sumpain ang mga Israelita. Hindi sinumpa ni Balaam ang mga Israelita dahil hindi siya pinayagan ng Dios, ngunit itinuro niya kay Balak na kung aakitin niya ang mga Israelita na matulog sa mga babaeng Moabita, makipagtalik sa kanila, at kumain ng kanilang pagkain na iniaalay sa mga dios diosan, at yumukod sa kanilang mga dios diosan, kung gayon ang Dios mismo ang pupuksa sa Israel gamit ang mga salot. Ang turo ni Balaam kay Balac ay kung gusto mong mawala at masira ang simbahan at ang mga lingkod ng Dios hayaan mo silang mahulog sa kasalanan. At tinuruan niya siya kung paano sila hayaang magkasala. Sa aklat ng Pahayag binanggit at ipinaalam sa atin ni Jesus na itinuro ni Balaam kay Balak kung paano hayaan ang mga Israelita na magkasala, ***“kumain ng mga bagay na inihandog sa mga diosdiosan, at gumawa ng pakikiapid.” (Pahayag 2:14 KJV)*** Na iyon talaga ang nangyari gaya ng

mababasa natin sa *Bilang 25*, **“1 At ang Israel ay tumahan sa Sittim, at ang bayan ay nagpasimulang magkasala ng pakikiapid sa mga anak na babae ng Moab: 2 Sapagka't kanilang tinawag ang bayan sa mga hain sa kanilang mga dios; at ang bayan ay kumain at yumukod sa kanilang mga dios. 3 At ang Israel ay nakilakip sa diosdiosang Baal-peor; at ang galit ng Panginoon ay naging laban sa Israel.”** (*Pahayag 25:1-3 KJV*) Ating basahin dito ang sinabi ni Moises sa mga pinuno ng hukbo ng Israel na ipinadala ni Moises upang maghiganti sa Moab, nang makita niyang hindi nila pinabayaang ang mga babaeng tinuruan na gumawa ng ganyan at gumawa ng sekswal na imoralidad sa kanilang mga tauhan. Sinabi ni Moises sa kanila, **“16 Narito, sila'y naging sanhi, sa payo ni Balaam, upang ang mga anak ni Israel ay sumalangsang laban sa Panginoon sa bagay ng Peor, at kaya't nagkasalot sa kapisanan ng Panginoon.”** (*Bilang 31:16 KJV*) Ang mga babaeng Moabita gaya ng sinasabi sa atin ng tagapagsalaysay na Judio, gumawa sila ng mga tindahan para magbenta ng pagkain at inuming alak na may mababang presyo. Ang kanilang mga matatandang babae ay nasa labas upang magbenta at kapag dumating ang mga Israelita upang bumili ng pagkain, ay hihilingin na pumasok kung saan siya ay makakasalubong ang mga dalaga na maghaharap ng pagkain para sa kanya, at ang alak na kilala natin ay humahantong sa kalaswaan at pagbabawas ng pagpipigil sa sarili, at makakaapekto sa isip at gawing mababa ang paglaban sa harap ng kasalungat na kasarian, Kaya kapag sila ay uminom, ay magkakaroon ng pagnanasa, kung gayon ay hihilingin sa kanila na yumukod sa kanilang mga dios diosan bago sila makasama ang mga babae. Ganyan nila inakit ang mga lalaking Israelita. **Maraming simbahan ngayon ang malakas na nag eevangelio ngunit may mga imoralidad sa kanilang mga manggagawa at sa mga bagong tao na kanilang inabot. May pag eevangelio pero ang mga lalaki ay nakikipag ugnayan sa mga babae at may babaeng kasintahan at ang mga babae ay nakikisama sa mga lalaki at may kasintahang lalaki. Iniisip nila na sa ganitong paraan ay dadalhin nila ang mga batang lalaki at batang mga babae iyon at sa Panginoon. Ngunit ang kabaligtaran ang nangyari, ang mga manggagawa ay naligaw patungo sa panig ng diablo.**

*** Kung gagamitin mo ang kasalungat na kasarian ng ating mga anak at manggagawa upang dalhin ang mga batang lalaki at babaeng iyon sa Panginoon, kabaligtaran ang mangyayari, dadalhin nila ang ating mga manggagawa, mga anak at mga disipulo sa panig ng diablo, upang gumawa ng mga imoralidad at kumain ng pagkain na inihandog sa mga dios diosan. * Ang pagkain na iniaalay sa mga dios diosan ay hindi lamang pagkain ng mga relihiyosong kapistahan ng ibang relihiyon, kundi maging ng mga pagdiriwang at pagtitipon, mga batang lalaki na nag-aanyaya sa mga babae, at mga batang babae na nag-aanyaya sa mga lalaki, gamit ang mga makamundong kaganapan tulad ng Araw ng Puso, Araw ng mga patay, pagdiriwang ng Bagong Taon, Araw ng Ina at Ama, Pasko, atbp; lahat ay mga okasyon na nilikha ng paganong mundong ito at kapag ipinakilala sa simbahan ang mga kapistahang pagkain na sinamahang nila ay magdudulot ng mga imoralidad at pakikiapid sa gitna ng simbahan ng Dios. Ang pagkakaroon ng pagkain at mga pagdiriwang ito at ang mga okasyon na ito ng mundo, ay maaaring magsimula ng hindi makadiyos at imoral na ugnayan sa pagitan ng kalalakihan at kababaihan. Dito ito magsisimula hindi sa mga imoralidad, kundi magsisimula sa, Halika at kumuha ng libreng pagkain. Mag iimbata sila sa isang pagdiriwang at ang pagkain ay masarap kainin, habang ikaw ay pupunta at ang iyong pamilya na kasama mo, at ang iyong mga anak na babae at lalaki na kasama mo, pagkatapos ng mga partido, maaaring may mga relasyon, relasyon sa labas ng kasal, sa karagdagan ang media, makipagpalitan ng mga contact sa mobile, internet at Facebook, lahat ay ginagamit ng Diablo kaya ang ating mga anak, ang ating mga disipulo at ang ating mga manggagawa ay mahuhulog sa kasalanan, kaya ang galit ng Dios ay mag aalab laban sa atin. * Kaya nais ng Dios na mag-ebanghelyo tayo at nais niyang makarating tayo sa mga bagong tao, ngunit ayaw ng Dios na magkasala tayo o mamuhay sa kasalanan.**

May mga manggagawa at pastor na nag eevangelio ngunit may mga relasyon at pagkakasundo sila. **Bakit mahalagang harapin ang kasalananang ito ng imoralidad? Dahil ang lahat ng kasalanan ay nasa labas ng katawan ngunit ang kasalanan ng sekswal na imoralidad ay nasa loob ng katawan, “15 Hindi бага ninyo nalalaman na ang inyong mga katawan ay mga sangkap ni Cristo? kukunin ko nga бага ang mga sangkap ni Cristo, at gagawin kong mga sangkap ng isang patutot? Huwag nawang mangyari. 16 O hindi бага ninyo nalalaman na ang nakikisama sa patutot, ay kaisang katawan niya? sapagka't sinasabi niya, Ang dalawa ay magiging isang laman. 17 Nguni't ang nakikisama sa Panginoon, ay kaisang espiritu niya. 18 Magsitakas kayo sa pakikiapid. Lahat ng kasalananang gawin ng mga tao ay nangasa labas ng katawan; nguni't ang gumagawa ng pakikiapid ay nagkasala laban sa kaniyang sariling katawan. 19 O hindi бага ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo, na tinanggap ninyo sa Dios? at hindi kayo sa inyong sarili; 20 Sapagka't kayo'y binili sa halaga: luwalhatiin nga ninyo ng inyong katawan ang Dios.”** (*1 Corinto 6:15-20 KJV*) Dito ipinapaliwanag sa atin ng Kasulatan ang tunay na panganib ng kasalanan ng imoralidad. Ang kasalanan ng mga imoralidad ay ang pagkakataon ng pagkuha ng katawan ni Cristo at ginagawa siyang magkipagkaisa sa mga patutot at iyon ay magbibigay daan para sa diablo na magsulong ng mga demonyo sa katawan ni Cristo, at sa Simbahan ng Dios.

Kaya dito natin nauunawaan, kung tayo ay nag eevangelio at naninindigan nang matatag sa ating pananampalataya at hindi itinatatwa ang pangalan ni Jesus na hindi magbibigay sa atin ng karapatang pahintulutan ang kasalanan at imoralidad na nasa gitna natin. Ang makasalananang huwarang ito na nakikita natin sa simbahan sa Pergamos, tulad ng alam natin, ay lubhang nakakahiya, na maraming simbahan, na

nakakalungkot na sabihin kabilang ang Simbahan ng Dios Tennessee – Cleveland na pinagtibay ang kapistahan ng Araw ng Puso at itinataguyod ito upang makakuha ng mga lalaki at babae na kasangkot sa pag-ibig at ayusin na magkaroon ng mga pamilya, sa pamamagitan ng paggamit ng araw ng mga Puso, ang kapistahan para sa pag-ibig at pag-iibigan, sa petsa at korte, at paggamit ng simbahan upang gumawa ng isang salo salo para sa gayong masamang gawain. **Sinusunod nila ang doktrina ni Balaam sa pamamagitan ng pagsunod sa santong Valentine ngunit nais ni Jesus na sundin natin ang Santong Antipas na labag sa lahat ng gayong uri ng kasalanan. Ipinapahayag ko rito, na ang mga Banal na Kasulatan ay lubos na laban sa mga ito, kaya't mag-ingat kayo at lubos na magsisi sa mga yaon. Kailangan nating talikuran at hatulan ang mga kapistahan ng mga Puso at lahat ng mga gawain nito upang maiwasan natin ang mga makasalang pagpapakita na makikita at mababasa natin sa simbahan ng Pergamos.**

“18 At sa anghel ng iglesia sa Tiatira ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Anak ng Dios, na may mga matang gaya ng ningas ng apoy, at ang kaniyang mga paa ay gaya ng tansong binuli: 19 Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagibig, at pananampalataya at ministerio at pagtitiis, at ang iyong mga huling gawa ay higit kay sa mga una. 20 Datapuwa't mayroon akong laban sa iyo, na pinahintulutan mo ang babaing si Jezebel, na nagpapanggap na propetisa; at siya'y nagtuturo at humihikayat sa aking mga lingkod upang makiapid, at kumain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan. 21 At binigyan ko siya ng panahon upang makapagsisi; at siya'y ayaw magsisi sa kaniyang pakikiapid. 22 Narito, akin siyang iniraratay sa highaan, at ang mga nakikiapid sa kaniya sa malaking kapighatian, maliban na kung sila'y magsisipagsisi sa kaniyang mga gawa. 23 At papatayin ko ng salot ang kaniyang mga anak; at malalaman ng lahat ng mga iglesia na ako'y yaong sumasaliksik ng mga pagiisip at ng mga puso: at bibigyan ko ang bawa't isa sa inyo ng ayon sa inyong mga gawa. 24 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, sa mga iba na nasa Tiatira, sa lahat ng walang aral na ito, na hindi nakakaalam ng malalalim na bagay ni Satanas, gaya ng sinasabi nila; hindi na ako magpapasan sa inyo ng ibang pasan. 25 Gayon ma'y ang nasa inyo'y panghawakan ninyong matibay hanggang sa ako'y pumariyan. 26 At ang magtagumpay, at tumupad ng aking mga gawa hanggang sa katapusan, ay bibigyan ko ng kapamahalaan sa mga bansa: 27 At sila'y paghaharian niya sa pamamagitan ng isang panghampas na bakal, gaya ng pagkadurog ng mga sisidlang lupa ng magpapalyok; gaya naman ng tinanggap ko sa aking Ama: 28 At sa kaniya'y ibibigay ko ang tala sa umaga. 29 Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia.” (Pahayag 2:18-29 KJV)

Dito ang Tiatira ay isa pang simbahan ipinadala sa kanila ni Jesus ang sulat sa aklat ng Pahayag na pinuri Niya sila sa iba't ibang mabubuting gawa na kanilang ginagawa habang sinasabi Niya sa kanila ang mga sumusunod, ***“19 Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong pagibig, at pananampalataya at ministerio at pagtitiis, at ang iyong mga huling gawa ay higit kay sa mga una.” (Pahayag 2:19)*** Ngunit gayundin ang pagsaway Niya sa kanila at pagwawasto sa kanila tulad ng ginawa Niya sa simbahan ng Pergamos para sa kanilang pagkukulang tulad ng sinasabi Niya sa kanila ang mga sumusunod:

“20 Datapuwa't mayroon akong laban sa iyo, na pinahintulutan mo ang babaing si Jezebel, na nagpapanggap na propetisa; at siya'y nagtuturo at humihikayat sa aking mga lingkod upang makiapid, at kumain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan.” (Pahayag 2:19-20 KJV) Dito ang sulat ni Jesus ay para sa pinuno ng simbahan, binalaan siya dahil pinayagan niya at binigyan niya ng pahintulot ang isang babae na tinatawag na Jezebel na yumabong at manirahan sa simbahan at nagdulot ng pinsala sa iba. Hindi ibig sabihin na ang mga bulaang guro ay mga babae, maaari silang maging mga lalaking guro na sumusunod sa mga paraan ni Jezebel upang sirain ang gawain ng Dios bilang pagkasira na ginawa ni Jezebel. Pinayagan ng pinuno ng simbahan ang babaeng iyon at ang mga huwad na gurong kasama niya na turuan ang iba at magdulot sa kanila na magkamali sa usapin ng pananampalataya. Hindi ang pinuno ang nagpapalaganap ng maling aral na iyon ngunit pinayagan niya ang iba na manatili sa simbahan na gumagawa ng gayon. Ang tiwaling bahagi ng simbhang ito ay ipinahiwatig ng babaeng si Jezebel. Sinasabi sa atin ng Lumang Tipan kung sino si Jezebel. Siya ay anak ni Ethbaal na hari ng Zidonio, na naging asawa ni Achab na hari sa Israel, at sa pamamagitan niya ay ipinakilala sa Israel ang pagsamba kay Baal. Si Baal ang dios ng pagkamayabong at pagsamba nito kabilang na ang pagsasagawa ng seksuwal na imoralidad. Dito ang mga bulaang gurong iyon ay nagtuturo at nang aakit sa mga tinuturuan nila, na mga lingkod ng Dios na gumawa ng pakikiapid at kumain ng mga bagay na inihandog sa mga dios diosan. Ganoon din ang sinabi namin tungkol sa mga nagsusulong ng doktrina ni Balaam sa simbahan ng Pergamos. Gayunpaman mas marami pang iba pang maling turo ang isinama dito kapag binanggit ang pangalan ni Jezebel.

“at siya'y nagtuturo at humihikayat sa aking mga lingkod upang makiapid,”: Ang mga sekswal na imoralidad at pakikiapid sa simbahan ng Bagong Tipan ay matatagpuan sa anyo ng mga kababalaghan ng pakikipagtipan, panliligaw, kasintahang lalaki, o kasintahang babae, kahit malayo, dahil ang pagnanasa sa puso ay pangangalunya ayon sa Mareo 5:28 “28 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na ang bawa't tumingin sa isang babae na taglay ang masamang hangad ay nagkakasala, na ng pangangalunya sa kaniyang puso.” * Bukod pa rian, ang mga usaping pakikipag ugnayan sa may asawa, pagsasama ng di kasal, pagpapahintulot sa solong

ama at ina na magpakasal sa ibang kabiyak at hindi sa ama ni sa ina ng kanyang anak, paghihiwalay at muling pag-aasawa, lahat ng ito ay mga imoralidad. * Binabalaan ko kayo na kung ginagawa ninyo ito, magsisi kayo sa gayong mga bagay. Ilagay mo rin sa iyong isipan na hindi kita pahihintulutan at kukunsintihin kung ang ginagawa mo ay alinman sa mga nabanggit na imoral na bagay.

“at kumain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan.”: Tulad ng inilarawan natin noon, ang Pasko at Bagong taon na kapistahan at mga salu-salo, pagdiriwang ng Araw ng mga Puso, Araw ng Ama, Araw ng Ina, Araw ng mga Patay, at ang iba pa, lahat ay mga kapistahan sa mga dios diosan; ang mga kapistahang iyon ay hango sa mundo at hindi sa Kasulatan.

Si Jezebel ay nakagawa ng iba pang masasamang bagay kaya inaasahan natin ang iba pang masasamang bagay sa simbahan ng Tiatira. Itinaguyod at sinuportahan ni Jezebel ang apat na daang bulaang propeta ng kakahuyan (na nagpahintulot sa mga tao na gawin ang kanilang sariling kalooban), at ang apat na daan at limampung propeta ni Baal (na nagtataguyod sa mga tao na gumawa ng mga sekswal na imoralidad). Lahat ng mga propetang iyon ay kumakain sa hapag at sinuportahan ni Jezebel na sa wakas ay gagawa ng masama: **“19 Ngayon nga'y magsugo ka, at pisanin mo sa akin ang buong Israel sa bundok ng Carmelo, at ang mga propeta ni Baal na apat na raan at limangpu, at ang mga propeta ni Asera na apat na raan, na nagsikain sa dulang ni Jezabel.” (1 Hari 18:19 KJV)**

Samakatuwid, ang mga guro at ang mga propeta sa simbahan sa Tiatira na katulad ni Jezebel, ay yaong mga gumagawa ng masama tulad ni Jezebel, at itinaguyod nila ang iba na gumawa ng masama at imoralidad. **Kaya dito ang pamunuan ng simbahan sa Tiatira sa pamamagitan ng pasibong pamamahala nito ay sumusuporta sa grupo ng mga gumagawa ng masama na nakakaapekto sa mga tunay na lingkod ng Dios at inuusig sila na gumagawa ng tunay na gawain ng Dios at lumalaban sa gawain ni Satanas. Ang mga ganyang tao sa loob ng simbahan ay lalaban kung tatamaan mo ang maling turo na kanilang isinusulong. Sila ay may kasakiman at gagamitin nila ang pulitika at magsasabwatan laban sa mga tunay na lingkod ng Dios upang alisin ang kanilang ministeryo sa kanila, tulad ng kung paano nagsabwatan si Jezebel na kunin ang ubasan ni Nabot nang tumanggi siyang ibigay ang kanyang ubasan kay Achab.**

Sa aking mahal at minamahal: Ang gayong mga pangkat ng mga tao sa loob ng simbahan ay magsusulong ng mga imoralidad, pangkukulam, at paglalagay ng make up. Kaya kailangan mo ngayong gumising at gawin ang iyong tungkulin upang linisin ang simbahan ng Dios mula sa gayong mga manggagawa ng kasamaan at bulaang mga guro na sa pamamagitan ng pagkain at mga kapistahan inihandog sa mga dios-diosan na nagsusulong ng mga pangkukulam, sekswal na imoralidad, make up, pagnanasa, walang katarungan, pang-aabuso at maraming taong mahuhulog sa mga kasalanan at mahahawaan ng mga demonyo.

Makinig dito ikaw na gumagawa ng masama: Ang paggawa ng mabuti ay hindi makakawala sa iyo ng disiplina at poot ng Dios sa mga maling bagay na iyong ginagawa. Ang mabubuting bagay na iyong ginagawa ay hindi tatakpan ang iyong mga maling gawain, at hindi ipagkakait sa iyo ang pagsaway ng Dios kapag gumawa ka ng mali. Nais ni Jesus na gawin natin ang mga mabuting bagay at nais niyang iwasan natin ang paggawa ng masama.

Ito ay napapanahong mensahe tungkol sa mga may hawak ng doktrina ni Balaam at sa turo ni Jezebel, na kapwa nagtataguyod ng imoralidad at pagkain ng pagkain na iniaalay sa mga dios diosan. Tulad ng ating kamalayan na ang mga kapistahang iyon ay ang mga sumusunod; Pasko, pista ng Bagong Taon, Araw ng mga Puso, Araw ng Ama, Araw ng Ina, Araw ng mga patay, at ang iba pa, lahat ay kapistahan sa mga dios diosan na ipagdiriwang taun taon, nais ng Dios na ikaw at ang Kanyang simbahan ay magsisi at itigil ang mga gayong gawain at kapistahan ng mga dios diosan. Magsisi sa lahat ng ito, disiplinahin ang iyong sarili at ang iyong pamilya at ang iyong ministeryo mula sa gayong mga kasalanan. Bantayan ang iyong mga anak na lalaki at bantayan ang iyong mga anak na babae at linisin ang iyong pamilya at ministeryo mula sa gayong mga gawain at kasalanan at bumalik sa Panginoon at maglingkod sa Kanya batay sa Kanyang Salita na natanggap mo ngayon sa mensaheng ito. Itigil ang lahat ng mga pagdiriwang ng mga makamundong kapistahan para sa mga dios diosan, at panatilihin ang iyong mga anak na lalaki at babae na dalisay at malayo sa mga ganyan at iwasan ang paghahalo ng mga lalaki at babae, iwasan ang make up at hindi disenteng pananamit, at gawin ang lahat ng magagawa mo upang maiwasan ang sekswal na imoralidad sa anyo ng pakikipagtipan, panliligaw, kasintahan, pakikipag ugnayan sa may asawa, pagsasama ng di kasal, pagpapahintulot sa solong ama at solong ina na magpakasal sa ibang kabiyak at hindi sa ama o ina ng kanyang anak, at iwasan ang paghihiwalay at muling pag-aasawa, sapagkat ang lahat ng ito ay imoralidad, at maaaring magdulot ng malaking kapahamakan.

Tulad ng narinig natin ang mensahe ng Dios, magsisi tayo sa lahat ng ating kasalanan, at muling ipagkatiwala ang ating buhay sa Dios upang mabuhay sa kabanalan na nililinis ang ating simbahan at ang ating mga pamilya mula sa lahat ng ito at mula sa Media at ang masasamang epekto ng lahat ng ito sa atin; lalo na sa ating mga anak at kabataan. Maging handa tayong alisin sa gitna natin ang mga manggagawang tulad nina Balaam at

Jezebel na sumusunod sa kanilang mga turo. Labanan natin ang kasalanan at lalo na ang mga imoralidad, at disiplinahan natin ang ating mga anak at kabataan at disipulo tungkol sa bagay na ito.

Ating sundan ang halimbawa ni Antipas na labag sa lahat ng mga uri ng mga kasalanaan, at magtiwala tayo sa Dios na tutulong sa atin sa ating pagtititiiis na maglingkod sa Kanya at magpoprotekta sa atin hanggang Siya ay dumating at kunin tayo kasama niya sa Langit.

Maging alerto at mapanuri tayo sa mga nangyayari sa buhay ng ating simbahan at ministeryo. Tigilan na natin ang lahat ng mga kapistahang iyon na naghando ang mga tao ng pagkain sa mga dios diosan. Huwag nating hayaang ang mga nagsusulong ng make up, mga imoralidad, at ang mga gumagamit ng ministeryo sa simbahan para sa kanilang sariling kapakanan at kasakiman ay patuloy na sirain ang iba at manipulahin sila para sa kanilang sariling layunin at kasakiman. Wakasan natin ang katiwalian at imoralidad at kawalang katarungan sa buhay ng ating simbahan at mga ministeryo. Manindigan tayo nang matatag laban sa lahat ng hamong ito at patuloy na gawin ang iba't ibang mabubuting gawa at ang Kanyang mga paglilingkod sa kabanalan at kadalisayan, at patuloy nating linisin ang ating sarili, ang ating pamilya, ang ating mga disipulo at ang Simbahan ng Dios at maging handa tungo sa Kanyang ikalawang pagparito.

Tayo ay manalangin...

Ang aking panalangin: Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa ating mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat para sa pagsaway na tinanggap ko mula sa iyong Salita na nagpanumbalik sa akin at nagawa kong naunawaan ang iyong kalooban at mga paraan at nagpalakas ng loob sa akin na magpatuloy na manindigan laban sa mga kapisthan at pagkaing inihandog sa mga dios diosan, at laban sa katiwalian, imoralidad, bulaang mga turo, kasakiman at pagmamaniplula sa paglilingkod at ministerio sa iyo.

Ipagtapat ang iyong mga kasalanan ngayon sa Diyos. Magsisi at humingi ng tawad sa Dios para sa mga makamundong pagdiriwang tulad ng Araw ng mga patay, Araw ng mga puso, Araw ng mga kapanganakan, Pasko, Bagong Taon, Araw ng Ama, Araw ng Ina, at ang iba pa na maaari mong isali sa iyong sarili. Magsisi sa pagnanasa at imoralidad. Magsisi sa pagkunsinti at pagpaparaya sa mga imoralidad at iba pang kasalanan. Magsisi sa pagmamapuri, takot sa tao, kompromiso, kamunduhan, katamaran, kasakiman, kamunduhan, pagmamahal sa pera, manipulasyon, pulitika at paggamit ng ministeryo para kumita. Magsisi sa kakulangan ng paglilingkod at ministeryo, at hindi handang magtiis at magdusa alang alang kay Cristo. Panginoon patawarin mo, nagsisisi ako sa mga sumusunod na kasalanan _____.

Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na mananatili sa inyong Salitang ito na aking natatanggap sa mensaheng ito. Panginoon lubos kong isinusuko ang aking buhay at kalooban sa iyo. Panginoon Ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na tumayo nang matatag upang itigil ang lahat ng mga kapistahang ito na iniaalay sa mga dios diosan, at manindigan laban sa lahat ng katiwalian, kasakiman, maling mga turo, at mga imoralidad, ang make up, ang mahalay na pananamit, na sinisikap ipakilala ng mga bulaang guro sa inyong simbahan.

Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na mga evangelio pag abot sa mga bagong tao para kay Cristo. Panginoon Ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na gawin ang lahat ng mabubuting gawa at mga pagsisilbi na inihanda mo at nais mong gawin ko para sa iyo sa pagmamahal, pananampalataya, pagtititiiis at mahabang pagdurusa. Panginoon bigyan mo ako ng lakas at tiyaga upang matiis ang panggigipit ng pagsalungat dahil sa iyong Salita. Panginoon puspusin mo ako ng Banal na Espiritu at lubos kong ipagkaloob sa iyo. Panginoon bigyan mo ako ng mga kaloob ng Banal na Espiritu upang ako'y yumaon at makapaglingkod sa iyo at mag evangelio at maabot ang iba at maipalaganap ang iyong Salita at turuan ang mga taong handang sumunod sa iyo.

Panginoon, ipinagdarasal ko ang aking mga Kapatid na tinanggap ang iyong Salita at handang mamuhay at maglingkod sa iyo at magdusa para sa iyong Salita. Panginoon protektahan sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon iligtas mo sila sa lahat ng tukso at mga pakana ng diablo. Panginoon gumawa ng mga himala para sa kanila at bigyang daan silang dumaan sa mga oposisyon at pag uusig, at magtiis hanggang sa dumating ka upang dalhin kami sa Langit.

Panginoon pagpalain at itaguyod kami bilang isang simbahan. Panginoon tulungan mo kami, protektahan kami, at maglaan para sa amin na magpatuloy sa paglilingkod sa iyo at gawin ang iyong gawain at iyong kalooban. Panginoon protektahan kami gaya ng pagharap naming sa mga bulaang guro at ipatigil ang lahat ng mga kapistahang iyon na iniaalay sa mga dios diosan at sa mga sekswal na imoralidad. Panginoon protektahan mo kami mula sa pag uusig na maaaring ipataw sa amin ng mga bulaang guro, bulaang propeta at mga

bulaang pinuno ng simbahan. Panginoon bigyan mo kami ng higit pa sa mga Banal na Espiritu ng mga kaloob upang mag evangelio at upang maabot ang mga bagong tao sa pamamagitan ng Evangelio ni Jesucristo at sa mensahe ng Salita ng Dios. Panginoon dalangin namin na bigyang daan mo kaming magtanim ng mga bagong pag aaral sa Bibliya at mga bagong kapisanan para sa simbahan at matupad ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa Kapayapaan sa Pagpapatupad ng Buong Kalooban ng Dios. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang ating lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at iligtas kami mula sa pinsala upang hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Pagkaing inihandog sa mga dios diosan Yugto 3. Pahayag 2:12-17. Bilang 25:1-3. Bilang 31:16. I Mga Taga Corinto 6:15-20. Pahayag 2:18-29. Mateo 5:28. I Hari 18:19.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com